Tunay na ang Propeta-pagpalain siya ni Allah ni Allah at pangalagaan-ay nagbabawal ng pag-ihip sa inumin

Ayon kay Abē Sa`īd Al-Khudrīy, malugod si Allāh sa kanya.Hadith na Marfu: Ipinagbawal niya ang pag-ihip sa inumin,Nagsabi ang lalaki:Papaano kung ang dumi ay nakikita sa lalagyang tubig? Nagsabi siya: (Ibuhus mo ito) Nagsabi siya:Papaano kung ako ako ay hindi umiinom sa isang beses na paghinga lamang?Nagsabi siya: ((Kung gayun ay ilayo mo ang lalagyang tubig sa iyong bunganga))

[Tumpak] [Isinaysay ito ni At-Tirmidhīy - Isinaysay ito ni Imām Aḥmad - Isinaysay ito ni Imām Mālik - Nagsalaysay nito si Imām Ad-Dārimīy]

Ipinagbawal ng Propeta-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-ang pag-ihip sa iniinom,Nagtanong sa kanya ang isang lalaki,sinabi niya:O Sugo ni Allah! ang dumi ay nasa iniinom,iniihipan ito ng tao upang maiilabas ito,Ang sabi ng Propeta-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-ibuhus mo ang tubig na may dumi at hindi ito iniihipan,Pagkatapos ay nagtanong siya kung bakit hindi dapat umiinom sa isang paghinga lamang,Ipinag-utos ng Propeta-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-na ilayo ang lalagyan ng tubig mula sa bunganga nito,pagkatapos ay huminga,pagkatapos ay bumalik siya sa pag-inom.

http://sunnah.global/hadeeth/tl/show/5453